www.kidsworship.kr

14st Story

# Maaari kang pumunta kahit saan ka man ipadala ng Panginoon!



**Narration** Habang nasa paglalakbay si Pablo para ipangaral ang Magandang Balita sa ibat-ibang lugar, narinig niya ang balita tungkol sa simbahan sa Jerusalem, na dumaranas ito ng matinding kahirapan dahil sa matinding taggutom at pag-uusig.

**Paul** Aha!!! kailangan kong pumunta sa Jerusalem para ihatid ang tulong na nakolekta sa mga Hentil. Ito din ay isang pagkakataon para ang mga Hudyo at Hentil ay magkasundo at maging-isa!!!



**Narration** Kaya, nagpasya si Apostol Pablo at ang kanyang mga kasamahan na pumunta sa Jerusalem. Sumakay sila sa bangka at bumaba sa may Tiro.

**People** Apostol Pablo!!! mag-ingat kayo!!!! dalhan niyo kami ng pasalubong pagbalik ninyo dito.



**Narration** Nakilala ni Pablo at ng kanyang mga kasamahan ang ibang mga kapatid sa Tiro, nanatili sila doon ng isang linggo.

**Believer 1** Wow... Apostol Pablo, maligayang pagdating. Kanina pa namin kayo hinihintay~




**Narration** Nagulat ang lahat ng mga kapatid sa pananampalataya sa Tiro, nang marinig nila ang balak ni Pablo na pagbisita sa Jerusalem.

**Believer 1** Pablo!!! Pablo!!!! Hindi pwede!!! Huwag kang pupunta sa Jerusalem, nakakatakot!!!!!! Bakit ka pupunta doon?



**Believer 2** Sinasabi ko sa iyo!!!! delikado ngayon ang pumunta sa Jerusalem. Pinapahirapan ang mga Kristyano doon at inuusig.

**Paul** Naiintindihan ko na nag-aalala kayo, Gayunpaman, kailangan kong dalhin ang tulong na donasyon na binigay ng ating mga kapatid na Hentil sa simbahan sa Jerusalem. Kailangan kong pumunta sa Jerusalem.



**Believer 1** Naku po... hindi po pwede. Apostol Pablo, kung pupunta ka ngayon, baka mamatay ka doon. Pag-isipan mo pa itong mabuti.

**Believer 2** Hindi ka dapat pumunta doon, Masyadong delikado. huhuhuhu



**Narration** Gayunpaman, pagkaraan ng isang linggo. Umalis si Pablo at ang kanyang mga kasamahan papunta sa Jerusalem. Ang lahat ng mga kapatid sa Tiro ay pumunta sa pampang ng dagat, Sila ay lumuhod at nanalangin para kay Pablo at sa kanyang mga kasamahan. Bago pumunta sa Jerusalem sina Pablo at ang kanyang mga kasamahan, sila muna ay pumunta sa Caesarea, sila ay tumuloy sa bahay ni Felipe na isang ebanghelista.

**Philip** Kamusta!!!! Pablo!!! Maligayang pagdating!!!! napakalayo ng inyong nilakbay!!! Oyyy!!!! magdala ka dito ng isang basong tubig.




**Paul** Ha! Ha! Ha! Felipe!!! Kamusta kana? Natutuwa akong makita kang muli··· Hihihihi···

**Narration** Isang araw, habang si Pablo ay nasa bahay ni Felipe, dumating ang isang propetang ang pangalan ay Agabo, Lumapit siya kay Pablo at kinuha ang pamigkis nito.



**Agabus** Pablo!!!! Apostol Pablo!!!! Ito ang sabi ng Espiritu Santo, 'Ganito gagapusin ng mga Judio sa Jerusalem ang may-ari ng pamigkis na ito, Tatalian ang kanyang mga paa at kamay at siya'y ibibigay sa kamay ng mga Hentil.'

**Philip** Anoooo!!! talaga?? hindi ba sa akin ang pamigkis(tali) na iyan? Wala naman akong ginagawang masama··· Agabo!! baka nagkamali ka lang ng narinig?



**Paul** Ha!!!!! Felipe···Sa akin ang pamigkis(tali) na iyan···!!!

**Philip** Pablo!!!! Huhuliin ka nila··· Pag-isipan mo itong mabuti··· mapanganib ang pagpunta mo sa Jerusalem.

**Wife** (Umiiyak) Apostol Pablo, bakit ba gustong-gusto mong pumunta doon? Paano kung mamatay ka? ··· Huhuhuh

**Paul** Ano bang nangyayari sa inyo?!!! huwag ninyong pabigatin ang nararamdaman ko. Handa akong mamatay···Para sa ating Panginoong Hesus, handa akong gapusin at mamatay.



**Narration** Napaka-tibay ng pagkakasabi ni Pablo, kaya hindi na siya pinigilan ng mga tao.

**Philip** (Umiiyak) Hu Hu Hu!!! kung iyan talaga ang gusto mo, sige makaka-alis ka na··· Sige na···

**Paul** (Nahihiya) Ah.. ay teka.. pero hindi naman kailangang umalis agad... maghintay pa tayo ng kaunti...

**Wife** (Umiiyak) Kung hindi ka aalis ngayon... Baka magbago isip namin... Kaya... Ngayon na...!!! Ngayon din!! Sige na umalis kana.. Huhuhu..

**Paul** Hay naku!!! kayo talaga!!!!

**Narration** At pagkaraan ng ilang araw, inihanda ni Apostol Pablo at nang kanyang kasamahan ang kanilang mga gamit at sila ay umalis papunta sa Jerusalem ayon sa kanyang plano.

**Paul** Yung mga taong iyun talaga... kung may makakita sa kanila, iisipin nila na sinasadya nilang ipagtulakan akong umalis... hehe...

**Narration** Bagamat hindi alam ni Pablo ang sasapitin niyang hirap pagdating niya sa Jerusalem, buong puso parin niyang sinunod ang Kalooban ng Diyos at pumunta sa doon.